PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Binabago ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang Ordinansa sa Mga Sign na payagan ang pag-display ng mga sign sa halalan sa mga bintana lamang

BRAMPTON, ON (Nobyembre 30, 2022) – Sa espesyal na pagpupulong nito kahapon, inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang pag-amyenda sa Ordinansa sa mga Sign na payagan ang pag-display ng mga sign sa halalan sa mga bintana o sa mga pintuan lamang para sa mga halalan sa hinaharap. Ang pag-amyendang ito ay ilalapat sa lahat ng pribadong pag-aari, kabilang ang residensyal at hindi residensyal na mga lupain.

Nakita ng Lungsod ang makahulugang pagtaas sa bilang ng mga reklamo kaugnay ng iligal na mga sign sa halalan sa nakaraang maraming halalan, kabilang ang 2018, 2019, at 2022 halalang pangmunisipyo, panlalawigan at pampederal. Ang paglabag sa Ordinansa sa mga Sign ng Lungsod ay lumilikha ng maraming isyu, partikular na kaugnay ng mga panganib sa trapiko at mga kalat. Ang pagpapatupad kaugnay ng paglalagay ng iligal na signage ay may epekto sa mga resource ng munisipyo na may average na gastos sa pag-imbestiga at pag-usig ng iligal na sign sa halalan sa munisipyo na tinatayang $125 hanggang $130 bawat sign. Mag-uulat muli ang staff ng Lungsod sa Konseho tungkol sa pinanukalang pagtaas sa mga multa kaugnay ng iligal na mga sign sa halalan.

Ang paglalagay ng mga sign sa halalan sa mga bintana ay magbibigay sa mga residente ng opsyon na ipahayag ang kanilang suporta sa sinumang kandidato o third party habang napipigilan ang pag-tamper sa sign, iligal na paglalagay, kalat, pagkagambala ng mga drayber, at mga usapin sa kaligtasan ng publiko.

Alamin ang mas marami pa tungkol sa Ordinansa sa mga Sign ng Lungsod dito.

**Mga Quote**

“ Sa loob ng nakalipas na mga halalan, nakita ng Lungsod ang makahulugang pagtaas ng mga reklamo kaugnay ng iligal na mga sign sa halalan, at ang mga sign na ito ay lumilikha ng maraming isyu sa kapaligiran at sa hitsura ng ating komunidad. Sa ilalim ng binagong Ordinansa sa mga Sign, magagawa ng mga residente na patuloy na iparinig ang kanilang mga boses kaugnay ng mga kandidato at ng mga third party sa pamamagitan ng pag-display ng mga sign sa halalan sa mga bintana, na makakatulong sa pagpapanatili sa ating lungsod na ligtas at maganda.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga iligal na sign sa halalan ay makakaapekto nang malaki sa kaligtasan ng publiko at sinisira ang hitsura ng ating komunidad, at pabigat din sa mga resource ng munisipyo. Sa pag-amyenda sa Ordinansa ng Lungsod sa mga Sign na payagan lamang ang pag-display ng mga poster sa halalan sa

mga bintana, mababawasan natin ang mga sign sa mga pag-aari ng publiko, labis-labis na signage, mga sign sa pag-aari ng Lungsod at mga sign na naka-display sa higit 72 oras pagkatapos ng halalan, at mapapanatiling malinis at luntian ang ating lungsod."

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Legislative Services, Lungsod ng Brampton*

"Gusto kong ulitin sa ating mga residente na ito ay pag-amyenda sa Ordinansa ng Lungsod sa mga Sign, hindi isang pagbabawal. Ang pag-amyenda sa Ordinansa ay makakabawas sa labis-labis na signage, makakapagpatipid sa mga resource sa pagtanggal ng iligal na mga sign, dadagdag sa kaligtasan ng ating mga residente at mapapanatili ang hitsura ng komunidad. Nagpapasalamat kami sa mga residente sa kanilang nagpapatuloy na commitment sa pagtiyak na manatiling nakakalusog, ligtas at malinis ang Brampton."

- *Marlon Kallideen, Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca